**ABISO SA PUBLIKO**
**AWTORIDAD SA PABAHAY NG COUNTY NG SAN DIEGO**

**MULING PAGSASAPOSISYON SA PAMPUBLIKONG PABAHAY**
**RAD/SECTION 18 SMALL PHA BLEND CONVERSION**

Iniaabiso na ang Lupon ng mga Komisyoner ng Awtoridad sa Pabahay ng County ng San Diego (Housing Authority of the County of San Diego, HACSD) ay magdaraos ng pampublikong pagdinig sa Nobyembre 5, 2025, nang 9:00 am sa Room 310 ng County Administration Center, 1600 Pacific Highway, San Diego, CA. Puwedeng dinggin ang testimonya ng publiko tungkol sa panukalang Muling Pagsasaposisyon sa Pampublikong Pabahay sa pamamagitan ng Programa ng Demostrasyon ng Tulong sa Pag-upa (Rental Assistance Demonstration, RAD) ng HUD, na isinama sa isang aksiyon ng Pag-dispose ng Section 18, sa ilalim ng RAD/Section 18 Small PHA Blend Conversion.

Puwedeng dinggin ang testimonya ng publiko tungkol sa panukalang Muling Pagsasaposisyon sa Pampublikong Pabahay sa pamamagitan ng RAD/Section 18 Small PHA Blend Conversion ng HUD. Sa pamamagitan ng pag-convert ng Ahensiya ng Pampublikong Pabahay (Public Housing Agency, PHA), mapagaganda at mapepreserba ng HACSD ang abot-kayang pabahay kapag pinalitan ang platform mula sa Public Housing papunta sa Section 8 Project-Based Voucher. Kasali sa conversion ang 121 yunit na matatagpuan sa apat na site sa Lungsod ng Chula Vista. Dorothy Street Manor, 778 Dorothy St., Chula Vista, CA 91911; L Street Manor Apartments, 584 "L" St., Chula Vista, CA 91911; Melrose Manor Apartments, 1678 Melrose Avenue, Chula Vista, CA 91911; at Town Center Manor, 434 F St., Chula Vista, CA 91910. Sa pamamagitan ng RAD/Section 18 blend, maiko-convert ng maliliit na PHA ang 10 porsiyento ng mga yunit sa ilalim ng RAD at 90 porsiyento ng mga yunit sa ilalim ng Section 18, na magbibigay ng higit na flexibility sa mga opsiyon sa pagpopondo at pag-develop, habang napananatili ang pagiging abot-kaya sa loob ng mahabang panahon at proteksiyon ng pabahay para sa mga residente.

**Sa halip na personal na pagdalo, ang mga miyembro ng publiko ay lubos na hinihikayat na isumite ang kanilang mga komento bago ang pagpupulong tungkol sa panukalang Muling Pagsasaposisyon sa Pampublikong Pabahay sa ilalim ng RAD/Section 18 Small PHA Blend Conversion sa pamamagitan ng e-mail sa HACSDBOARDS.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV**

**Ang lahat ng komentong isusumite ay ipadadala sa mga miyembro ng Lupon ng mga Komisyoner at sa Punong Administratibong Opisyal para sa kanilang pagsasaalang-alang. Tatatanggapin ang mga komento hanggang sa katapusan ng pulong.**

Simula Setyembre 19, 2025, maaakses kaagad ang mga sanggunian at pansuportang dokumento sa www.sdhcd.org at maaaring suriin ang mga ito sa mga sumusunod na lokasyon:

County of San Diego
Housing and Community Development Services
3989 Ruffin Road
San Diego, CA 92123

Melrose Manor Apartments
1678 Melrose Ave., Apt.13
Chula Vista, CA 91911

Town Center Manor Apartments
434 F St., Apt. 101
Chula Vista, CA 91911

L St. Manor Apartments
584 L St., Apt. F
Chula Vista, CA 91911

Dorothy St. Manor Apartments
778 Dorothy St., Apt. A
Chula Vista, CA 91911

Housing and Community Development Services
Website: www.sdhcd.org

Maaaring isumite ang mga nakasulat na komento bago ang pampublikong pagdinig at sa loob ng 45 araw na panahon ng pagkokomento na magtatapos sa Nobyembre 5, 2025, sa:

County of San Diego
Housing and Community Development Services
Attn: Gabriela M. Nevins
3989 Ruffin Road,
San Diego, CA 92123